

Quadrennial Theme:	<i>Spirituality for these Critical Times</i>
Panahon:	<i>Panahon ng Pamamayani ng Diyos</i> (Kingdomtide)
Antas:	Kabataan
Setyembre 3, 2017:	Ikalawang Linggo ng Pamamayani ng Diyos/Linggo ng Misyong

Pamagat:

“Kagalakan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”

BATAYAN SA BANAL NA KASULATAN

Matandang tipan:

AWIT 100 (*Magandang balita Biblia*)

AWIT NG PAGPUPURI

Isang awit ng pasasalamat

¹ Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! ² Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa! ³ O si Yahweh ay ating Diyos! Ito’y dapat na malaman, tayo’y kaniya, kaniyang lahat na nilalang; lahat tayo’y bayan niya kabilang sa kaniyang kawan. ⁴ Pumasok sa kaniyang templo na ang puso’y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya’y pasalamatan! ⁵ Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya’y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

Lumang Tipan: Habakuk 3:17-18 (*Magandang balita Biblia*)

Magtiwala at magalak sa gitna ng kaguluhan

¹⁷ Bagamat di namumunga ang puno ng igos at hindi rin namumunga ang puno ng ubas, Kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ng mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan, ¹⁸ magagalak pa rin ako at magsasaya dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.

Bagong tipan: Filipos 4:4-7 (*Magandang balita Biblia*)

⁴ Magalak kayong lagi sa Panginoon, Inuulit ko, magalak kayo! ⁵ Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. ⁶ Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. ⁷ At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo-Jesus.

SUSING KAISIPANG:

Ang Iglesia ay nagagalak sa lahat ng panahon

Layunin:

Matapos ang aralin, ang mgakabataan ay inaasahan na:

1. matalakay ang mga problema at suliranin na hinaharap ng mga kabataan;
2. maipaliwanag kung ano ang sinasabi ng mga talata mula sa Banal na Kasulatan tungkol sa pagiging maligaya sa presensya ng Diyos sa gitna ng mga suliranin;
3. Mapasalamatan ang Diyos sa biyaya ng kagalakan mula sa Kanyang Banal na Espiritu;
4. Maipahayag ng bawat isa ang kanilang pagtatalaga sa gawain sa ministeryo ng Iglesia upang maibahagi ang kagalakan sa buong kaaniban sa lahat ng pagkakataon.

Mga gagamitin: (Banal na Kasulatan kung maari ay Magandang Balita Biblia Version, song chart, Worksheet

Kasanayang Pagkatuto:

A. Panimulang Gawain

1. Pagkakamustahan
2. Panimulang Panalangin: Aming Diyos, kinikilala namin ang Iyong kabutihan sa aming buhay sapagkat Ikaw ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuti at ganap na biyaya. Samahan Mo kami ngayon sa aming pakikinig at pag-aaral tungkol sa mga biyaya ng kagalakan na nagmumula lamang sa'Yo. Sa pangalan ni Hesus. Amen!

3. Panimulang Awit: "I've Got Joy Down In My Heart"

I've got joy down in my heart, deep, deep down in my heart.
 J-O-Y down in my heart, deep, deep down in my heart.
 Jesus gave it to me and no one can destroy it. Destroy! Destroy! Oopsss!!!
 I've got joy down in my heart, deep, deep down in my heart.
 J-O-Y down in my heart, deep, deep down in my heart.

B. Paghahanda sa Aralin

Bumuo ng grupo na may tatlong miyembro. Hayaan na magbahagi ang bawat isa ng mga bagay na nagbbigay sa kanila ng pagkabalisa (anxiety). (paalala: bago ang Sunday school, humingi ng tulong ang guro sa araling ito mula sa pastor o mga presbitero /elders o kaya naman kung may guro na nagtuturo sa paaralan upang maihanda ang sarili sa pagtugo sa ibabahagi ng mga kabataan). Isulat ang mga salitang nakakapagbigay ng pagkabalisa at muling balikan sa bahagi ng pagsasabuhay

C. Talakayan

Ipaliwanag na ang pagpupuri ay pamamaraan natin upang kilalanin ang Diyos at ang Kanyang mga nagaawang kabutihan sa atin. Muling hatiin ang mga kabataan sa tatlong grupo at sabihin na basahin ang bawat talata na itinalaga sa bawat grupo. Bigyan ng mga sumusunod na gabay ang grupong nakatalaga sa bawat talata.

1. Gabay sa Awit 100, ang pagsulat nito ay inuugnay kay Haring David
 - a. Talata 1. Ang Diyos ang Panginoon ng buong Sangnilikha at nilikha ng Diyos ang Sangkatauhan upangmaluwalhati ang Diyos.

- b. Talata 2. Nais ng Diyos na magpuri at sambahin Siya bilang paglilingkod natin sa Kanya. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pag-awit ng buong kagalakan
 - c. Talata 3. Pinapaalalahanan tayo ng Diyos na na Siya ang mag-iingat sa atin sa kahit na anong pagkakataon. Ang Kanyang presensya sa lahat ng pagkakataon ay ating maasahan bilang Kanyang bayan
 - d. Talata 4. Nais ng Diyos na dumako tayo sa Kanyang presensya na may pusong mapagpasalamat. Kailangan nating pasalamat ang Diyos sa lahat nang pagkakataon dahil alam ng Diyos kung ano ang makakabuti sa atin.
 - e. Talata 5. Mabuti ang Diyos. Inibig tayo ng Diyos magpakailanman. Hindi Niya tayo kailanman bibiguin. Kumikilos ang Diyos upang mabigyan tayo ng isang magandang kinabukasan at pag-asa.
2. Gabay sa Habakuk 3:17-18. Si Habakuk ang propeta na nagsulat at nagpahayag sa isang mahirap na yugto kung saan ginamit ng Diyos ang Babylonia upang sakupin ang Israel at parusahan ito sa kanilang mga kasalanan. Ganunpaman, si Habakuk ay nagpahayag ng pasalamat at umawit ng may kagalakan tungkol sa Diyos; kung sino Siya at sa Kanyang hindi nagbabagong pag-ibig sa Kanyang bayan. Ang mga salitang “bagama’t” at “kahit” ay nagpapaliwanag sa Kanyang hindi nagmamaliw na pagtitiwala at pagtatalaga sa Diyos.
 - a. Magpasalamat sa Diyos kahit anong nangyari. Bagaman makakaranas tayo ng mga pagsubok, kakayanin pa rin nating magpasalamat sa Diyos.
 - b. Magpasalamat sa Diyos. Ang pag-ibig, kapangyarihan, at kadakilaan ay hindi magbabago. Bagaman tayo ay hindi nakakatiyak sa plano ng Diyos sa ating buhay, nakakatiyak tayo na ang pag-ibig ng Diyos ang mag-iingat sa atin at nagtitiwala tayong ang plano ng Diyos sa atin ay tiyak na makakabuti sa atin.
 - c. Magpasalamat sa Diyos. Ang plano ng pagliligtas ng Diyos ay hindi pa nagtatapos. Bagaman tayo ay nakararanas ng iba’t-ibang pagsubok at maaring wala na tayong magawa, makakaasa tayo na ang pagliligtas ng Diyos ay sasaatin
 - d. Magpasalamat sa Diyos sapagkat ang Kanyang lakas ay hindi nabibigo. Bagaman sa ating paningin, tayo ay maraming alalahanin, ang kapayapaan ng Diyos, ang kapayapaan na nagmumula lamang sa Kanya ang magpapanatili sa ating matatag sa lahat ng panahon.
 3. Gabay sa Filipos 4:4-7. Si Pablo ang sumulat nito para sa Iglesia sa Filipos at ang pinaka mensahe nito ay ang magalak palagi sa Panginoon

- a. Talata 4. Ang talatang ito ay nagsasaad tungkol sa Kahinahunan ng Espiritu na dapat na mahayag sa lahat. Ang kahinahunan ay bunga ng ating kagalakan sa Diyos. Ito ay bunga ng ating kaalaman na ang Diyos ay malapit sa atin at sinusubaybayan at iniingatan tayo ng Diyos.
- b. Talata 5. Sinasabi ni Pablo na palayain natin ang ating mga sarili sa ating mga pagkabalisa sapagkat mayroon tayong kapayapaan sa Diyos. Ang kapayapaan na ito ay nagpapalaya sa atin mula sa ating pagabalisa mula sa mga pagsubok ng buhay, pinapalaya din tayo sa mga walang batayang pag-aalala. Pinapaalalahanan tayo na ang ating mga kahilingan ay dalhin sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin na may pasasalamat.
- c. Ang kapayapaan ng Diyos ang nagtitiyak sa atin na makakaasa tayo sa Diyos at sa Kanyang pagpapala. Ito ang sasama sa atin sa ating paglalakbay sa ating mga buhay.

D. Pagbabahaginan

Itanong:

1. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang magkakapareho sa tatlong talatang ating tinalakay? Ipaliwanag ang iyong piniling sagot.
 - a. Iniibig tayo ng Diyos magpakailanman.
 - b. Dumaranas ang lahat ng tao ng iba't-ibang uri ng pagsubok.
 - c. Ang kapayapaan ng Diyos ang magpapalaya sa atin mula sa ating mga pagkabalisa.
 - d. Dinirinig ng Diyos ang ating mga kahilingan sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat .
 - e. Nais ng Diyos na tayo ay umawit, magpuri at sumamba sa Diyos ng may kagalakan.
2. Bakit kaya isinulat ni David ang Awit 100? (Sapagkat naranasan mismo ni David ang pag-ibig at kapayapaan ng Diyos. Isinulat niya ito upang ipahayag niya ang kanyang pasasalamat sa Diyos.)
3. Bakit kaya nababalisa si Habakuk? Paano niya napagtagumpayan ang kanyang suliranin sa pagkaunawa niya sa Diyos lalo na sa panahon na ginamit ng Diyos ang mga taga Babylonia upang sakupin ang Israel? (Sapagkat naunawaan ni Habakuk na darating ang panahon na dumarating ang panahon ng kaginhawaan at kagalakan ngunit kailangan din nating maunawaan na may pagkakataon na mawawala din ito. Naunawaan niya na sa pagkakataong tila wala na ang lahat, nanatili pa rin ang Diyos.)
4. Ano ang sinabi ni Pablo upang ang bawat isa ay makapamuhay ng may pagkakaisa at makaharap sa buhay na walang pagkabalisa? (Ang pag-ibig at kapayapaan ng Diyos ay hindi mabibigo. Palagi tayong may ugnayan sa Diyos para sa ating mga kahilingan sa pamamagitan ng ating panalangin na may lakip na pagpapasalamat)

5. Mula sa ating mga naisulat na mga suliranin na ating nararanasan, paano kaya ito matutugunan ng ating mga napag-aralang mga talata sa Bibliya sa ngayon? (Ang tatlong talatang napag-aralan ay nagpapahayag ng pag-ibig at kapayapaan ng Diyos. Ang katotohanang ito ang magbibigay katiyakan sa mga kabataan na ang pagibig at kapayapaan ng Diyos ay mananatili sa gitna ng mga suliranin na kinakaharap.)
6. Paano magiging instrumento ng Diyos ang ating simbahan upang madama ng bawat kaanib ang pag-ibig at kapayapaan mula sa Diyos? (Sa pamamagitan ng mga gawain at ministryo nito)

E. Aral mula sa Bibliya

Itanong: papaano ang simbahan na makakatulong sa bawat isa upang maranasan ang kagalakan sa gitna ng mga suliranin at kahirapan sa buhay? (gagawa ito ng pamamaraan na matulugan ang bawat isa na mabatid nila ang kabutihan ng Diyos sa kanilang buhay)

F. Pagsasabuhay

1. Sabihin sa mga kabataan na balikan ang mga suliraning isisulat kanina. Gamit ang mga papel, sumulat ng panalangin sa ganitong anyo: Salamat O Panginoon na sa kabila ng mga nangyari tulad ng mga sumusunod (isulat ang mga suliranin) Nariyan ka pa rin sa pamamagitan ng aking mga kaibigan at kasamahan sa loob ng Simbahan. Bilang bahagi ng Iglesya, tulungan Mo kaming laging magalak sa pamamagitan ng (isulat ang mga kahilingan para mas tumatag sa buhay) upang lalo naming matulungan ang bawat isa sa panahon ng aming mga suliranin at paghihirap sa buhay. Amen
2. Sabihin na gumawa ng isang journal o diary na magsasaad ng mga bagay na iinagpapasalamat sa araw-araw.

G. Pagtatapos

1. Pagkakaloob ng Handog para sa Sunday School
2. Pangwakas na Awit: "Joyful Joyful" HFJ# 9
May we learn to love each other more with each new day
3. Pangwakas na Panalangin: Aming naunawaan aming Diyos na Ikaw ang pinagmumulan ng tunay na kagalakan. Turuan Mo kami na aming makita ang Iyong kabutihan kahit sa mga pagkakataon na kami ay dumaranas ng suliranin at mga pagsubok sa buhay. Igawad Mo sa amin ang kagalakan sa lahat ng pagkakataon. Ang lahat ng ito ay aming ipinagpapasalamat sa pangalan ni Hesus. Amen